

## **Mga Madalas Itanong**

Regular na ina-update ang impormasyon na ito. (Huling nai-update 3/17/2020)

### **Mga Customer ng American Job Center (AJC)**

**Tanong:** Mayroon akong appointment para makipagkita sa staff ng AJC para ayusin ang resume ko. Maaari pa rin ba akong tumuloy?

**Sagot:** Makipag-ugnayan sa inyong lokal na American Job Center para matukoy ang status. Nananatiling bukas ang ilang tanggapan at ang ilan naman ay may limitadong access na para lang sa mga appointment. Makukuha ang impormasyon sa pagkontak sa mga AJC sa guong estado sa <http://www.labor.maryland.gov/employment/onestops.pdf>

**Tanong:** Nakarehistro akong dumalo sa isang sapilitang workshop sa lokal na AJC namin nitong linggo para mapanatili ang pagtanggap ko ng Unemployment Insurance. Ano ang gagawin ko kung sarado ang AJC dito?

**Sagot:** Araw-araw na nakikipag-ugnayan ang mga reemployment staff sa mga indibidwal na naka-schedule para sa mga aktibidad para makapaghatid ng mga serbisyo sa pamamagitan ng telepono at/o sa pamamagitan ng email.

**Tanong:** Paano ko malalaman kung kailan muling magbubukas ang aming AJC para sa mga customer?

**Sagot:** Makipag-ugnayan sa inyong lokal na AJC o silipin ang kanilang website sa pamamagitan ng <http://www.labor.maryland.gov/county>

*Ipinaskil ng lahat ang kani-kanilang mga oras pati na kung gaano sila katagal na malalapitan ng publiko.*

**Tanong:** Natanggal ako sa trabaho dahil sa mga kamakailang kaganapan na kaugnay ng COVID-19. Maaari ba akong makakolekta ng Unemployment Insurance (UI)?

**Sagot:** Silipin ang website na ito para sa maraming kasagutan sa mga tanong tungkol sa UI: <http://www.labor.maryland.gov/employment/uicovidfaqs.shtml>

### **Ang Maryland Workforce Exchange (MWE)**

**Tanong:** Natanggal ako sa trabaho kamakailan. Nais kong gamitin ang panahong ito habang nasa tahanan ako na tumuklas ng mga bagong opsiyon sa trabaho online. Magagamit ko pa rin ba ang Maryland Workforce Exchange (MWE)?

**Sagot:** Hindi apektado ng emergency ang mga serbisyo ng MWE. Nananatiling ganap na gumagana ang MWE, at nag-aalok ng malawak na saklaw ng mga serbisyo para sa mga naghahanap ng trabaho at mga negosyo. Handang sagutin ng staff ng Help Desk ang mga email sa [dldwdwehelp-labor@maryland.gov](mailto:dldwdwehelp-labor@maryland.gov)  
Maaari rin ma-access ng mga customer ang teknikal na tulong sa pamamagitan ng live chat.

### **Mga Grantee ng DWDAL**

**Tanong:** Isa akong grantee. Tumatanggap/nagproproseso pa rin ba ang Labor ng mga ulat, mga cash requisition at mga invoice?

**Sagot:** Pakirepaso ang impormasyon sa ibaba para sa mga tagubilin na kaugnay ng mga partikular na kaloob at programa.

FAQ: MGA NVOICE AT PAGBABAYAD - Patuloy na nagproproseso ang DWDAL Fiscal Staff ng mga cash requisition at invoice nang remote sa abot ng kakayahan ng kanilang mga abilidad sa panahon ng mga pagsara ng tanggapan. Dahil hindi normal ang mga operasyon namin, maaaring may mga pagkaantala sa pangkalahatang proseso. Ang pinakamahusay na paraan para maabot kami ay sa pamamagitan ng email. Masusuri ng mga Grantee, Vendor at mga Lokal na Workforce Development Area ang status ng mga pagbabayad sa: <https://interactive.marylandtaxes.gov/extranet/gad/GADLogin/login.asp>

PARA SA MGA KALOOB NG WORKFORCE DEVELOPMENT - (WIOA, Opioid, Apprenticeship at iba pang mga Discretionary Grant) Patuloy na mag-email ng mga invoice at cash requisition kay Dorothee Schlotterbeck sa [dorothee.schlotterbeck@maryland.gov](mailto:dorothee.schlotterbeck@maryland.gov)

PARA SA MGA KALOOB BA EARN MARYLAND (EARN) - Ang mga Quarterly Report, kabilang ang mga Request for Payment form, ay nakatakda sa Abril 15th. Makakaroon ang mga Grantee ng kakayahang humiling ng palugit hanggang ika-15 ng Mayo. Para magawa ito, makipag-ugnayan kay Mary Keller sa [mary.keller@maryland.gov](mailto:mary.keller@maryland.gov)

Patuloy ang panata ng staff ng EARN sa pagproseso ng mga invoice sa napapanahong paraan at pagbigay ng anumang suportang kinakailangan para sa mga panahong ito.

PARA SA EDUKASYON NG MGA ADULT - Dapat makipag-ugnayan ang mga lokal na mga partner program sa edukasyon ng mga adult sa kani-kanilang Education Program Specialist para sa anumang katanungan.

*PARA SA EDUKASYONG PAGTATAMA - Magkakaroon ang Staff ng DWDAL Correctional Education ng limitadong kakayahan para iproseso ang mga requisition at invoice. Patuloy na mag-email ng mga invoice at requisition kay Courtney Jones sa [courtney.jones@maryland.gov](mailto:courtney.jones@maryland.gov)*

*Ipoproseso namin ang mga kabayaran nang remote sa abot ng aming mga abilidad habang sarado ang mga tanggapan. Dahil hindi normal ang mga operasyon namin, maaaring may mga pagkaantala sa pangkalahatang proseso. Ang pinakamahusay na paraan para maabot kami ay sa pamamagitan ng email.*

### **Mga Apprenticeship**

**Tanong:** Maaaring hindi matapos ng mga apprentice ko ang kani-kanilang mga kaugnay na klase sa pagtuturo dahil sa pagsasara ng mga paaralan. Matatapos ba ng mga apprentice ko ang kasalukuyang taon nila?

**Sagot:** *Nakikipagtulungan ang staff ng Maryland Apprenticeship and Training Program sa mga Sponsor para mag-alok ng mga alternatibong areglamente para sa mga Sponsor at apprentice. Mag-email sa [info@mdapprenticeship.com](mailto:info@mdapprenticeship.com) para sa tulong.*

**Tanong:** Ano'ng magiging epekto ng mga pagsasara para sa Apprenticeship Maryland Program, sa youth apprenticeship initiative ng estado?

**Sagot:** *Ang mga kasalukuyang youth apprentice at mga employer na pinagtatrabahuhan nila ay hinihiling na sumangguni sa kani-kanilang mga kontrata ng lokal na sistema ng paaralan para sa karagdagang gabay patungkol sa anumang epektong kaugnay ng mga pagsasara dahil sa COVID-19.*

### **Mga Negosyo**

**Tanong:** Nagpapatakbo ako ng negosyo dito sa Maryland. Sino ang aabisuhan ko tungkol sa nais ko na magtanggap ng mga empleyado Bilang resulta ng COVID-19?

**Sagot:** *Mapupunan ng mga employer ang Notice of Dislocation Form nang online sa <http://labor.maryland.gov/employment/disworkerreport.shtml>*

**Tanong:** Isa akong may-ari ng negosyo na nakikipagtulungan na sa isang Business Services Representative sa Labor. Magpapatuloy ba ang mga negosyo ko kahit na nagtatrabaho nang remote ang mga empleyado ng Labor?

**Sagot:** *Oo, patuloy na tumatawag at nakikipag-usap sa mga negosyo ang staff. Ikalulugod nila nilang makipag-usap sa iyo sa pamamagitan ng conference call o email kaugnay ng mga pangangailangan. Kung may naka-schedule na recruitment o malaking job fair sa parating na mga linggo, kakanselahin ang mga aktibidad na ito hanggang sa alisin ang mga kasalukuyang pagbabawal.*